



SACRAMENTO REGIONAL OFFICE

1831 K Street
Sacramento, CA 95811
Tel: (916) 504-5800
TTY: (800) 719-5798
Libreng Toll: (800)776-5746
Fax: (916) 504-5901
www.disabilityrightsca.org

OFFICE OF CLIENTS' RIGHTS ADVOCACY

PAANO MAGHAIN NG KARAINGAN

Maaari kang maghain ng karaingan kung:

- Hihingi ka ng tulong mula sa OCRA ngunit nasabihan na hindi kami makatutulong;
- Kasalukuyan kang tumatanggap ng tulong mula sa OCRA ngunit hindi masaya sa tulong; o
- Natapos ang tulong na tinatanggap mo at tumanggi ang OCRA ng ibayong tulong.

Para maghain ng karaingan, mangyaring gawin ang sumusunod:

Hakbang 1: Ehekutibong Direktor ng Disability Rights California

Maaari kang maghain ng karaingan sa Ehekutibong Direktor ng Disability Rights California sa loob nang 30 araw nang ginawa ng OCRA ang desisyon na hindi mo gusto.

Maaari kang maghain ng karaingan gamit ang kalakip na form, sa pamamagitan ng pagsulat ng iyong karaingan sa isa pang piraso ng papel, o sa pamamagitan ng pagtawag sa Disability Rights California. Ipadala ang iyong karaingan sa:

Executive Director Disability Rights California

1831 K Street

Sacramento, CA 95811

(916) 504-5800 (tinatanggap ang mga collect na tawag) o (800) 776-5746

Fax: (916) 504-5809

TTY: (916) 719-5798
E-mail: executivedirector@disabilityrightsca.org

Rerepasuhin ng Ehekutibong Direktor ang iyong karaingan at bibigyan ka nang nakasulat na desisyon sa loob nang 15 araw. Ang timeline na ito ay maaaring pahabain sa pamamagitan ng mutual na kasunduan.

Hakbang 2: Disability Rights California Board of Directors

Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng Ehekutibong Direktor, maaari kang humiling ng repaso ng Ehekutibong Kumite ng Lupon ng Disability Rights California sa loob nang 30 araw ng desisyon ng Ehekutibong Direktor.

Maaari kang humiling ng repaso sa pamamagitan ng paggamit sa kalakip na form, sa pamamagitan ng pagsulat ng iyong kahilingan sa isa pang piraso ng papel, o sa pamamagitan ng pagtawag sa Disability Rights California. Ipadala ang iyong kahilingan sa:

President, Board of Directors Disability Rights California
1831 K Street
Sacramento, CA 95811
(916) 504-5800 (tinatanggap ang mga collect na tawag) o
(800) 776-5746
Fax: (916) 504-5809
TIY: (800) 719-5798
E-mail: board@disabilityrightsca.org

Rerepasuhin ng Lupon ng Ehekutibong Kumite ng Kumite ng Karaingan ng Disability Rights California ang iyong kahilingan at magbibigay ng nakasulat na desisyon sa loob nang 30 araw. Maaaring mapahaba ang timeline na ito sa pamamagitan ng mutual na kasunduan. Ang desisyon ng Kumite ng Karaingan ay ang pinal na desisyon ng Disability Rights California. Maaari mong iapela ang desisyon sa susunod na level.

Hakbang 3: Contract Representative Department of Developmental Services

Kung hindi ka nasiyahan sa tugon ng Disability Rights California sa iyong karaingan, maaari kang humingi ng repaso ng Contract Representative, Department of Developmental Services. Ang kahilingan na ito ay dapat maisagawa sa loob nang 30 araw ng pagkakatanggap ng pinal na

desisyon mula sa Ehekutibong Kumite ng Lupon ng Kumite ng Karaingan ng Disability Rights California. Tutugon ang Contract Representative sa karaingan sa loob nang 45 araw. Maaaring mapahaba ang timeline na ito sa pamamagitan ng mutual na kasunduan. Ang kahilingan na repasuhin ng Contract Representative ay maaaring gawin sa pamamagitan ng pagsulat sa:

OCRA Contract Representative
Department of Developmental Services
Office of Human Rights and Advocacy Services
1600 Ninth Street, Room 240, MS 2-15
Sacramento, CA 95814
(916) 654-1888
TDD (916) 654-2054
FAX (916) 651-8210

Iba pang Serbisyo ng Pagtataguyod

Kung kailangan mo ng higit pang tulong kaysa maaaring ibigay sa iyo ng CRA , maaari kang makatanggap ng karagdagang tulong sa pamamagitan ng pagtawag sa:

- Disability Rights California - 1-800-776-5746
- Area Boards I through XIII – Hanapin sa ilalim ng Estado ng California sa direktoryo ng iyong telepono para sa numero ng telepono ng iyong lokal na Area Board.

Tumatalima ang pamamaraan ng karaingan na ito sa mga hinihingi ng Contract HD 06901OA-3, Exhibit A, Paragraph 12, na nilahukan sa pagitan ng State Department of Developmental Services at ng Disability Rights California, Inc., para sa pagtatatag ng Office of Clients' Rights Advocacy, alinsunod sa Welfare and Institutions Code, Section 4433.

FORM NGKARAINGAN

Para maghain ng karaingan, maaari mong gamitin ang form na ito o anumang ibang piraso ng papel, o tumawag sa (800) 776-5746 at hilingan ang sinumang taong kawani na tulungan ka. Maaari mo ring tawagan kami sa linya ng TTY sa (800) 719-5798, padalahan kami ng fax sa (916) 504-5809, o magpadala ng e-mail sa executivedirector@disabilityrightsca.org.

Ang iyong PANGALAN: _____

Ang iyong ADDRESS: _____

Ang NUMERO ng iyong TELEPONO sa pang-araw: _____

Ang iyong E-MAIL: _____

Kung tinutulungan mong maghain ng karaingan ang isang tao, ang kanilang pangalan ay: _____

Mangyaring ipaliwanag kung bakit ka naghahain ng karaingan:

Ano ang gusto mong ibang gawin ng Office of Client's Rights Advocacy?
